Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulakan
Lungsod ng Malolos

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

HANGO SA KATITIKAN NG IKA-62 KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS NA GINANAP SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIAN (ANNEX), IKA-LIMANG PALAPAG NG BAGONG GUSALI NG PAMAHALAANG LUNGSOD NG MALOLOS NOONG IKA-18 NG SETYEMBRE, 2023.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA | Pang. Punong Lungsod<br>Tagapangulo ng Hapag |
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO | Kasangguni |
| KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III | " |
| KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA | " |
| KGG. MICHAEL M. AQUINO | " |
| KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO | " |
| KGG. EDGARDO F. DOMINGO | " |
| KGG. THERESE CHERYLL B. OPLE | " |
| KGG. VICTORINO M. ALDABA III | " |
| KGG. EMMANUEL R. SACAY | " |
| KGG. DENNIS D. SAN DIEGO | " |
| KGG. PATRICK S. DELA CRUZ | SK President |
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA | ABC President |

ANG LAHAT AY NAKADALO:

---

**KAPASIYAHANG PANLUNGSOD BLG. 274-2023**

**ISANG KAPASIYAHANG PANLUNGSOD NA NAGPAPAHAYAG NG PAGSANG-AYON SA AKSYON, KOMENTO AT REKOMENDASYON NG TANGGAPAN NG PANLUNGSOD NA INHINYERO, NA BIGYANG PAHINTULOT ANG PAGHUHUKAY (*EXCAVATION/DIGGING*) NG PRIME WATER INFRASTRUCTURE CORP. SA LOOB NG TATLONG (3) NA BUWAN PARA SA KANILANG PROYEKTO SA BARANGAY BAGNA, BARANGAY PANASAHAN AT SA BARANGAY MATIMBO, LUNGSOD NG MALOLOS.**

**AKDA NINA: KGG. THERESE CHERYLL "AYEE" B. OPLE,**
**KGG. DENNIS D. SAN DIEGO, KGG. EDGARDO F. DOMINGO**
**KGG. MICHAEL M. AQUINO, KGG. FRANCISCO J. CASTRO**
**KAMAY-AKDA ANG BUMUBUO NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS**

**SAPAGKAT,** ang Tanggapan ni Kasangguni Therese Cheryll "Ayee" B. Ople ay nagtuloy sa Sangguniang Panlungsod ng kahilingan mula sa *Prime Water Infrastructure Corp.* para sa kanilang proyekto sa Barangay Bagna, Barangay Panasahan at sa Barangay Matimbo, Lungsod ng Malolos;

**SAPAGKAT,** ang nasabing kahilingan ay naitukoy sa Lupon sa Imprastraktura na nagsagawa ng pag-aaral alinsunod sa isinasaad ng Kautusang Panlungsod Blg. 32-2023;

**SAPAGKAT,** batay sa isinasaad ng nasabing Kautusang Panlungsod, ang anumang paghuhukay (excavation/digging) sa Lungsod ng Malolos na tatagal ng higit sa labinlimang (15) araw ay marapat na sumailalim sa pag-aaral ng Sangguniang Panlungsod para sa pagrerebisa, ratipikasyon at/o pagsang-ayon, bago ang pagkakaloob ng kapahintulutan (Excavation Permit);

**SAPAGKAT,** batay sa pag-aaral, ang proyekto ay tatagal ng tatlong (3) buwan sa Barangay Bagna, Barangay Panasahan at sa Barangay Matimbo;

**SAPAGKAT,** upang hindi makadagdag sa kasalukuyang dinaranas na pagsisikip ng trapiko, ang proyekto sa Barangay Longos ay pinahihintulutan nang maisagawa mula ika - 9:00 ng umaga hanggang ika - 4:00 ng hapon;

**SAPAGKAT,** ang panukalang proyekto ay magsusulong at magtataguyod ng Kagalingang Panlahat, na batay sa itinatadhana ng Seksyon 16 ng Batas Republika Blg. 7160 o mas kilala sa taguring *Local Government Code of 1991;*

Sa pamamagitan ng kahilingan ni **Kgg. Therese Cheryll "Ayee" B. Ople,** na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat, ay

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ
KASANGGUNI

KGG. DIONISIO C. MENDOZA
KASANGGUNI

KGG. DENNIS D. SAN DIEGO
KASANGGUNI

KGG. EMMANUEL R. SACAY
KASANGGUNI

KGG. VICTORINO M. ALDABA III
KASANGGUNI

KGG. THERESE CHERYLL B. OPLE
KASANGGUNI

KGG. EDGARDO F. DOMINGO
KASANGGUNI

**KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA**
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO
KASANGGUNI

KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III
KASANGGUNI

KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA
KASANGGUNI

KGG. MICHAEL M. AQUINO
KASANGGUNI

KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO
KASANGGUNI

**IPINASIYA**, gaya ng dito ay ginagawang pagpapasiya na nagpapahayag ng pagsang-ayon sa aksyon, komento at rekomendasyon ng Tanggapan ng Panlungsod na Inhinyero na bigyang pahintulot ang paghuhukay (*excavation/digging*) ng *Prime Water Infrastructure Corp.* sa loob ng tatlong (3) buwan para sa kanilang proyekto sa Barangay Bagna, Barangay Panasahan at sa Barangay Matimbo na kanilang sisimulan matapos makumpleto ang mga kaukulang rekisitos ng proyekto.

**PINAGTIBAY.**

**KGG. FRANCISCO J. CASTRO**
KASANGGUNI

**KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III**
KASANGGUNI

**KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA**
KASANGGUNI

**KGG. MICHAEL M. AQUINO**
KASANGGUNI

**KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO**
KASANGGUNI

**KGG. EDGARDO F. DOMINGO**
KASANGGUNI

**KGG. THERESE CHERYLL B. OPLE**
KASANGGUNI

**KGG. VICTORINO M. ALDABA III**
KASANGGUNI

**KGG. EMMANUEL R. SACAY**
KASANGGUNI

**KGG. DENNIS D. SAN DIEGO**
KASANGGUNI

**KGG. DIONISIO C. MENDOZA**
KASANGGUNI - ABC President

**KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**
KASANGGUNI - SK President

PINATUTUNAYAN ko, na ang nasabing Kapasiyahang Panlungsod ay pinagtibay ng Sanggunian.

**MA. ROSALIE SP. CRUZ**
***Local Legislative Staff Officer V***
Pansamantalang Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

**PINATUTUNAYAN:**

**KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA**
PANG. PUNONG LUNGSOD - Tagapangulo ng Hapag

*hindi nakadalo

DhorieTrogo(SDC2)*09182023